# Empirikal na Pagsusuri sa mga Undergraduate Theses ng Programang Batsilyer ng Sining sa Araling Pilipinas medyor sa Filipino sa Mass Media (AB-PHS) ng Pamantasang De La Salle na may tuon sa Kasarian: Mga Implikasyon sa Araling Filipino

Lorenzo Miguel Sotto Buenaflor[1]
*[1] Gradwadong Mag-aaral, MA Araling Filipino (Wika, Kultura, at Midya), DLSU-Manila*
*[1] Guro, Immaculate Heart of Mary College - Paranaque*
**Corresponding Author: lorenzo_buenaflor@dlsu.edu.ph / enzobuenaflor@gmail.com*

**Abstrak:** Ang pag-aaral na ito ay pagbabalik-tanaw sa dalawampu't pitong undergraduate theses ng undergraduate program na AB-PHS o Batsilyer ng Sining sa Araling Pilipinas medyor sa Filipino sa Mass Media upang suriin ang research trend sa Araling Pilipino ng Pamantasang De La Salle na may tuon sa kasarian. Isa itong panimulang pagtatangka upang malaman ang sakop, lawak, saklaw, at direksiyon ng araling pangkasarian sa undergraduate level ng DLSU Departamento ng Filipino. Sa pagsasagawa ng pag-aaral na ito, ginabayan ang mananaliksik ng mga sumusunod na metodo: (a) archival upang saliksikin ang mga nakalagak na theses sa Bulwagang Henry Sy, Sr.; (b) pagsusuring pangnilalaman upang makita ang mga tema sa mga layunin, metodolohiya (partikular ang mga teksto ng pananaliksik at mga metodo), at teoretikal na batayan; at, (c) empirikal na pagsusuri sa pamamagitan ng pagbibilang ng mga tugon sa bawat temang nabuo mula sa isinagawang pagsusuring pangnilalaman. Mula dito, (a) napag-alaman na pinakamaraming pananaliksik ang naisagawa sa imahen at kagandanhan ng babae sa media at ang mito at objectification ng lalaki; (b) advertisements ang kadalasang ginagamit na texto ng pananaliksik gabay ng methodological triangulation; at (c) mas mataas ang bahagdan ng paggamit ng mga banyagang teorya. Sa dulo ng papel na ito, nagbigay ng mga implikasyon at mga posibleng hakbang sa patuloy na direksiyon ng araling pangkasarian sa Araling Pilipino.

**Mga Susing Salita:** midya; kasarian; Araling Filipino

## 1. PANIMULA

Ang media ang pinakapamakapangyarihang institusyon sa modernong panahon. Nandiyan pa rin ang mga institusyong panlipunan tulad ng simbahan, pamahalaan, paaralan, at higit sa lahat, pamilya, ang itinuturing na pundasyon ng lipunan, ngunit hindi matatawaran ang impluwensiya ng media sa kasalukuyang orden. May malikhaing pamamaraan at wika ang media upang mapaniwala tayo sa mga ipinapakita nitong larawan at impormasyon. May lawak ang sakop ng pagganap ng media bilang institusyon – mula nangyayari sa paligid, ang aktwalidad at presensiya ng karahasan, ang mabilisang daloy ng globalisasyon, trending at fads – at may specific naman itong sinasabi sa ating pagkatao, lalong-lalo na sa ating kasarian.

Magkaugnay ang media at kasarian dahil may usapin ng determinasyon kung sino ang lalaki, babae, LGBT+ sa lipunan. Sa pamamagitan ng media, nabibigyan tayo ng mga pamantayan kung papano maging katanggap-tanggap sa kahit anong lawak ng relasyong panlipunan, kasabay ng pagdikta sa kung ano ang wala o mayroon sa ating pagkababae, pagkalalaki, at/o pagkaLGBT+.

Isang paksa na maaaring suriin sa Araling Pilipino bilang research trend ang naturang ugnayan. Sa Pamantasang De La Salle, ang digring AB-PHS o Batsilyer ng Sining sa Araling Pilipinas medyor sa Filipino sa Mass Media ay programang maaaring magamit bilang sityo ng masalimuot na nexus sa pagitan ng media at kasarian. Dahil may konsentrasyon sa media ang Araling Pilipino, maaaring magamit ang pananaliksik na nabuo sa programa upang maipakita kung papaano napag-aaralan, sa empirikal at akademikong sitwasyon, ang paghubog ng media sa kasarian bilang social construct.

Pangkalahatang layunin ng pananaliksik na ito na malaman at masuri ang kabuuang topograpiya ng mga naisagawang pag-aaral tungkol sa ugnayan ng wikang Filipino, media at kasarian ng mga undergraduate theses ng programang Batsilyer ng Sining sa Araling Pilipinas medyor sa Filipino sa Mass Media (AB-PHS) ng Pamantasang De La Salle. Sakop ng empirikal na pag-aaral na ito ang mga nadepensahang mga theses mula nang maitatag ang programa noong Akademikong Taon 2002-2003.

Bilang pantulong sa pangkalahatang layunin ng pag-aaral, sasagutin ang mga sumusunod tiyak na layunin:

1. Ano-anong trend ang nabuo mula sa mga undergraduate theses ng programang Batsilyer ng Sining sa Araling Filipino medyor sa Filipino sa Mass Media ayon sa mga sumusunod na nilalaman :
    a. layunin at tema ng pag-aaral;
    b. metodolohiyang ginamit
        i. teksto ng pananaliksik
        ii. mga metodo ng pananaliksik; at
    c. teoretikal na batayan?
2. Ano-anong mga implikasyon ang maaaring mabuo mula sa pagsusuri sa mga undergraduate theses ng programang Batsilyer ng Sining sa Araling Filipino medyor sa Filipino sa Mass Media tungkol sa kontribusyon ng araling pangkasarian sa pagpapalawak ng Araling Filipino bilang disiplina sa Pamantasang De La Salle?

## 2. METODOLOHIYA

Upang masagot ang unang tiyak na layunin, nagtungo ang mananaliksik sa ikasampung palapag ng Bulwagang Henry Sy, Sr. Sa palapag na ito nakalagay ang mga tesis at disertasyon ng pamantasan. Sa pamamagitan ng Online Public Access Catalog (OPAC), naghanap ako ng mga posibleng texto ng pananaliksik gamit ang keywords na (1) Bachelor of Arts in Philippine Studies major in Filipino in Mass Media (naglabas ng 71 entries), (2) Batsilyer ng Sining sa Araling Pilipinas medyor sa Filipino sa Mass Media (naglabas ng 49 entries), (3) AB in Philippine Studies major in Filipino in Mass Media (naglabas ng 12 entries). Inisa-isa ang bawat entries at sa tulong ng subject details (tignan ang Larawan 1) ng bawat thesis ay nagkaroon ang mananaliksik ng mga pamantayan kung ano-anong mga pamagat ang dapat mapabilang sa pagsusuring

ito. Pagkaraan ng prosesong ito, isa-isang pinaphotocopy ang bawat title pages patungong Ikatlong Kabanata ng mga textong theses. Hanggang ikatlong kabanata lamang ang maaaring kopyahin sa silid-aklatan dahil hindi pinapayagan ang pagkuha sa bahaging may resulta ng pananaliksik. Ang buong sistemang ito ang bumubuo sa archival method ng pag-aaral.

Isa-isang binasa ang dalawampu't pitong pananaliksik na ito upang maisagawa ang pagsusuring pangnilalaman. Sa pagsusuring pangnilalaman na naisagawa, nagtema ang mananaliksik ng mga nakitang pattern sang-ayon sa mga hinihingi ng mga tiyak na layunin.

Ang huling bahagi ay ang pagsusuring empirikal. Upang maging kongkreto ang isinagawang pagsusuring pangnilalaman, nilagyan ng numero ang bawat tema upang mapakita ang bilang ng pananaliksik sa bawat pattern na nakikita sa obserbasyon.

## 3. RESULTA AT PALIWANAG

Sa pagsusuri ng layunin at tema ng pag-aaral, hinati sa dalawang grupo ang pagsusuri. Una, grinupo ang mga kasarian bilang mga paksa ng pag-aaral. Pangalawa, naglagay ng mga tema upang matukoy ang mga tiyak na paksa kapag pinag-aaralan ang kasarian sa media.

Sa Talahanayan 1, ang mga paksang may kinalaman sa babae (55.56% o labinlimang theses) ang mas pinag-aaralan kaysa sa ibang kasarian. Sinundan ito ng mga paksang may kinalaman sa lalaki (33.33% o siyam na theses), at ang pinakakaunti, bakla, at bisexual at lesbianismo (11.11% o tatlong theses lamang).

Talahanayan 1. Distribusyon ng mga Pag-aaral ng mga Undergraduate Theses ng programang Batsilyer ng Sining sa Araling Pilipinas medyor sa Filipino sa Mass Media mulang 2006-2017

| Mga Paksa | Bilang | Porsyento |
|---|---|---|
| Babae | 15 | 55.56 |
| Lalaki | 9 | 33.33 |
| Bakla | 2 | 7.41 |
| Bisexual at Lesbianismo | 1 | 3.70 |
| Kabuuan | 27 | 100 |

Sa pamamagitan ng Talahanayan 2, may mga pattern na nabuo tungkol sa mga naging treatment ng mga mananaliksik sa mga paksang may kinalaman sa kasarian. Madalas na pinag-aaralan ang imahen at kagandahan kapag babae ang pinag-aaralan. May kinalaman ang media sa paghulma ng babaeng katanggap-tanggap sa lipunan – una, kolonyal (mula sa makinis at maputing balat) na dapat taglayin at pangalawa, konserbatibo (sa kung ano ang attitude, kilos, gawi, at pakikipagrelasyon ang dapat na isabuhay ng isang babae). Binubuo ng media ang babaeng ideal sa lipunang ang lalaki ang pinakamakapangyarihan sa kasalukuyang orden.

Sa kabilang banda, kapag lalaki naman ang pinag-aaralan, nakasentro ang mga paksa sa mito at ang objectification na nakapaloob sa konstruksiyon ng kaniyang identidad. Mapapansin sa mga pag-aaral na may kinalaman sa mito ng pagkalalaki ang pagbasag sa kumbensiyonal na pagtingin sa mga kalalakihan. Dinedeconstruct, sa pamamagitan ng kritikal na pagsipat, ang masculine bilang feminisasyon – na ang mga lalaki ay branded, may gawing may hawig sa gawi ng mga kababaihan, at higit sa lahat, sexualized para kumita ang kapitalistang orden. Sinusuportahan naman ito ng mga pag-aaral tungkol sa objectification ng mga kalalakihan. Lagpas sa machong panlipunang construct sa mga kalalakihan, ito rin ang nagbabadya ng sexualization ng kanilang pagkatao. Bukod sa pinagkakakitaan, ang katawang simbolo ng lakas ay mga katawan ding pinagpyepyestahan sa mga beauty pageants at TV commercials upang makamit, kahit sa ilang saglit, ang pagnanasa.

Sa mga pag-aaral naman tungkol sa komunidad ng LGBT+, mas pinagbibigyan ng pansin ang pagtatanghal sa mga espasyong inaangkin. Sa

mga espasyong ito, naikukubli man o naisasapubliko, may nakasilid na pagkakakilanlan na bumubuhay sa performatibong aspekto ng kanilang identidad. Sa mga espasyong ito nagiging komportableng kumilos ang mga bakla, lesbiyana, at bisexual.

Talahanayan 2. Ang Tema ng mga Pag-aaral ng mga Undergraduate Theses ng programang Batsilyer ng Sining sa Araling Pilipinas medyor sa Filipino sa Mass Media mulang 2006-2017

| Kasarian | Tema | Bilang |
|---|---|---|
| Babae | imahen ng babae | 6 |
| | ganda, kariktan | 5 |
| Lalaki | imahen at mito ng pagkalalaki | 3 |
| | ang lalaki bilang sex object | 2 |
| Bakla | espasyong bakla | 1 |
| | fanatisismong bakla | 1 |
| Bisexual Lesbianismo | performatibong kasarian | 1 |

Kapansin-pansin sa mga mananaliksik ng AB-PHS na gumamit ng maraming datos upang masagot ang kanilang mga layunin. Ang dalawang talahanayan (Talahanayan 3 at Talahanayan 4) ay nagpapakita ng bilang ng mga pananaliksik na gumamit ng mga teksto at metodo. Hindi dito kabilang ang mga permutasyon na isinaalang-alang para mas maging obhetibo o patas ang mga resulta ng pag-aaral. Halimbawa, sa advertisements, na nangunguna sa mga tekstong pinag-aaralan, hindi lamang pagsusuring pangnilalaman, na nanguna sa mga metodo ng pag-aaral, ang ginamit. May mga pananaliksik na gumamit din ng panayam at focus group discussion upang masuri ang pagkakatugma-tugma ng mga datos. Sa pananaliksik, tinatawag itong methodological triangulation o ang paggamit ng iba't ibang metodo bagaman may iisang disenyo ang kabuuan ng pananaliksik. Sa kaso ng AB-PHS, walang kantitatibong pananaliksik ang nabuo sa halos isang dekada ng programa; lahat ay nakasulat sa kalitatibong disenyo.

Talahanayan 3. Mga Teksto ng Pananaliksik na ginamit sa mga Pag-aaral ng mga Undergraduate Theses ng programang Batsilyer ng Sining sa Araling Pilipinas medyor sa Filipino sa Mass Media mulang 2006-2017

| Teksto | Partikular na Teksto | Bilang |
|---|---|---|
| Advertisements | Advertisements sa TV | 6 |
| | Print Advertisements | 3 |
| | Billboards | 1 |
| Telebisyon | Episodes | 1 |
| Social Media | Facebook, YouTube | 4 |
| | Blogs | 1 |
| | Dating sites | 1 |
| Magazine | | 3 |
| Pelikula | | 3 |
| Musika at Panitikan | Diskograpiya | 2 |
| | Lyrics ng mga Kanta | 1 |
| | Mga Tula | 1 |
| | Libro | 1 |
| Espasyo | Simbahan bilang Espasyo | 1 |
| | LGBT Bar | 1 |
| Artista | Regine Velasquez | 1 |

Talahanayan 4. Mga Metodo ng Pananaliksik na ginamit sa mga Pag-aaral ng mga Undergraduate Theses ng programang Batsilyer ng Sining sa Araling Pilipinas medyor sa Filipino sa Mass Media mulang 2006-2017

| Metodo ng Pananaliksik | Bilang ng Pananaliksik |
|---|---|
| Pagsusuring Pangnilalaman | 23 |
| Panayam | 10 |
| Focus Group Discussion | 5 |
| Archival Research | 4 |
| Etnograpiya | 3 |
| Survey Method | 2 |

Talahanayan 5. Pagteteoryang ginamit sa mga Pag-aaral ng mga Undergraduate Theses ng programang Batsilyer ng Sining sa Araling Pilipinas medyor sa Filipino sa Mass Media mulang 2006-2017

| Pagteteorya | Teorya | Bilang |
|---|---|---|
| Mula sa Loob | Kulturang Popular at Mito ng Pagkalalaki (Rolando B. Tolentino) | 5 |
| | Ikatlong Bugso ng Feminismo (Lilia Santiago) | 2 |
| | Sikolohiyang Pilipino | 1 |
| Mula sa Labas | Semiotics | 6 |
| | Critical Discourse Analysis | 5 |
| | Gender Performativity | 5 |
| | Postmodernismo | 2 |
| | Queer Space | 2 |
| Iba pang teorya | | 12 |

Kaugnay ng mga teoryang ginamit sa mga undergraduate theses, nangunguna, sa mga balangkas na dinalumat ng mga Filipinong iskolar, ang teorya ni Rolando B. Tolentino ukol sa kaniyang teoretisasyon ng kulturang popular sa Pilipinas at ang mito ng pagkalalaki. Sa kabilang banda naman, nangunguna naman Semiotics ni Roland Barthes, Critical Discourse Analysis ng nina Van Dijk, Althusser, Baudrillard, Adorno, at Horkheimer, sa mga balangkas mula sa mga labas.

Ayon kay Nuncio (2004), kapag ang pananaliksik ay gumagamit ng Araling Pilipino bilang lapit-pananaliksik, isang mahalagang elemento ang pagiging makaFilipino nito. Dagdag pa niya, kapag sinabing makaFilipino, hinihingi nito ang mga sumusunod: (a) paksain; (b) puntodebista; (c) metodo; (d) pagteteorya; (e) kapakanan; (f) wika.

Dalawang bagay ang maaaring pagnilayan sa pagbanggit ng mga elementong ito. Una, pasok sa lahat ng mga elemento ang mga pananaliksik sa kasarian, media, at wikang Filipino ang mga undergraduate theses na sinuri sa pag-aaral na ito bagaman kung si Nuncio ang tatanungin, "masasabing makaFilipino ang lapit-pananaliksik kung (sa minimum na kahingian) tutupdin ang o iaaplay ang dalawa sa nabanggit (174)". Ikalawa, maaari sigurong magkaroon ng alinlangan sa malaking bahagdan ng mga teoryang mula sa labas kaysa sa mga teoryang sariling atin. Gayumpaman, matagal nang naipaliwang ni Virgilio Enriquez (1979), ang tagapagtatag ng Sikolohiyang Pilipino, ang konsepto ng appropriation o pag-aangkop ng mga banyagang metodo sa pananaliksik. Ayon kay Clemente (2011): "Pagsasakatutubo mula sa labas (indigenization from without) involves making something banyaga or foreign (e.g. framework, method, etc.) more meaningful to the local context….. On the other hand, pagpapalitaw ng nasa loob (indigenization from within) uses the culture as a source in searching for concepts and methods believed to be more significant to the Filipino and more appropriate in explaining Filipino behavior and experiences."

Samakatuwid, "kahit na inangkin, hiniram, o isinakatutubo ang metodo at pagteteorya" (Nuncio 174), hindi nawala sa direksiyon upang maging makaFilipino ang mga pananaliksik na sinuri.

## 4. MGA IMPLIKASYON SA ARALING FILIPINO

Ang usapin ng kasarian sa lipunang Filipino ay isang ideolohikal na usapin. Ibig sabihin, usapin ito kung sino ang makapangyarihan at kung sino ang kinokontrol ng kapangyarihang ito. Bilang ideolohikal na usapin, nakaembed o nakaangkla sa mga institusyong panlipunan, katulad ng media, paaralan, simbahan o relihiyon, at pamahalaan, ang mga panuntunan sa inaakalang stable na orden. Hindi man ito direktang ipinapakita sa atin dahil walang dahas na pinaparanas, ang konsumeristang attitude at imahen na ipinapamalas ng media ay tinatanggap natin bilang pleasurable gayong hindi namamalayan ang unti-unting pagkawala ng ating tunay na pagkatao dahil sa pag-abot ng gitnang-uring pamumuhay.

Naglunsad ng isang larangan ang mga

undergraduate theses na sinuri sa papel na ito ng isang research agenda para sa Araling Pilipinas. Kailangang maituloy ang nasimulang ito upang masundan ang naisagawa na. At bahagi ng pagpapatuloy na ito ang ilang hakbang at pagninilay batay sa empirikal na pagsusuri na aking isinagawa. Una, sa panahon ng kaliwa't kanang pagbandera ng rainbow flag ng mga kilusang LGBT+, kailangan ding sumabay ang larangan ng pananaliksik sa AB-PHS upang mas maunawaan ang kompleks na usapin ng kasarian sa larangan ng LGBT+ studies. Marami-rami na ang naisulat tungkol sa mga kababaihan at kalalakihan. Panahon naman ng pagsusulong ng mga pag-aaral sa ilang mga paksang hindi nabigyan ng pansin sa nagdaang mga panahon. Ikalawa, maaari na ring bigyan ng espasyo ang pagbibigay-rehistro sa mga pag-aaral na gumagamit ng mga makaFilipino o katutubong metodo ng pananaliksik. Kailangan bumalik sa mga batayang batis ng Sikolohiyang Pilipino upang maitaguyod ang pananaliksik na may pagkiling sa sariling atin. Hindi lamang nito mapapaunlad ang wikang Filipino, mapapaunlad din nito ang komunidad ng mga iskolar na sumusuporta sa pagtingin sa loob ng kultura, kasaysayan, at pagkataong Filipino. Pangatlo, at higit na mahalaga, tulad ng nabanggit ko na sa tila kakaunting nakalagak na mga tesis masteral at disertasyon sa silid-aklatan ng pamantasan, mapaigting din ang pagpili sa kasarian bilang paksa ng pananaliksik. Maraming katotohanan pa ang dapat matuklasan tungkol sa mga subhetibong pagdanas sa kasarian at sa palagay ng mananaliksik, ang diversity sa paaralang gradwado ay makatutulong sa pagsusulong na ito.

## 5. PASASALAMAT

Lubos na pinasasalamatan ng mananaliksik si Dr. Rowell Madula na naging propesor niya sa kursong AFL625M: Wikang Filipino at Sekswalidad. Ang terminong papel na ito ay bunga ng naturang kurso. Taos-pusong pasasalamat din ang ipinapaabot ng mananaliksik sa DLSU Departamento ng Filipino na nagkaloob sa kaniya ng fellowship sa TALABAN 2019: Palihan sa Pagsulat ng Iskolarling Papel sa Araling Pilipinas kung saan unang iprinisenta ang pananaliksik na ito.

## 6. SANGGUNIAN

**Mga Pangunahing Sanggunian**

Clemente, Jose Antonio Reyes. (Enero 2011). An Empirical Analysis of Research Trends in the Philippine Journal of Psychology: Implications for Sikolohiyang Pilipino. Mula sa https://www.researchgate.net/publications/326589373. Petsa ng Pagkakalimbag: Enero 2011. Petsa ng Pag-access: Marso 2016.

Guillermo, Ramon. (2016). Sariling Atin: Ang Nagsasariling Komunidad na Pangkomunikasyon sa Disiplinang Araling Pilipino." Philippine Social Sciences Review. Tomo 12, Bilang 1. Lungsod Quezon: Unibersidad ng Pilipinas.

Nuncio, Rhoderick V. (2004). Sangandiwa: Araling Filipino bilang Talastasang Pangkalinangan at Lapit-Pananaliksik. Editor: Rhoderick Nuncio, Elizabeth Morales-Nuncio. Maynila: University of Santo Tomas Press

Rodriguez-Tatel, Mary Jane B. (2015). Philippine Studies/Araling Pilipino/Pilipinolohiya sa Wikang Filipino: Pagpopook at Pagdadalumat sa Loob ng Kapantasang Pilipino. Humanities Diliman. Tomo 12, Bilang 2. Lungsod Quezon: Unibersidad ng Pilipinas.

**Panayam**

Madula, Rowell D. Panayam sa kaniyang tanggapan. 13 Hulyo 2019.